


Araling Panlipunan

Ikatlong Markahan – Modyul 1: Paikot na Daloy ng Ekonomiya



**Araling Panlipunan – Ikasiyam na Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 1: Paikot na Daloy ng Ekonomiya
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Jo-Ann O. Villafuerte, Fritzie F. Go, Jean C. Sabonsolin, Gina C. Bangcal
Editor:	Monina R. Antiquina, Nelson S. Lasagas
Tagasuri:	Monina R. Antiquina, Ronillo S. Yarag, Edgardo S. Cabalida, Ramel P. Cael
Tagaguhit:	Pilar K. Mangila
Tagalapat:	Leo Matinno O. Alejo, Erwin J. Etoc, Jera Mae B. Cruzado
Tagapamahala:	Isabelita M. Borres Eugenio B. Penales Sonia D. Gonzales Virgilio P. Batan, Jr. Amelinda D. Montero Ronillo S. Yarag Edgardo S. Cabalida

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: region9@deped.gov.ph

Araling Panlipunan

**Ikatlong Markahan – Modyul 1:
Paikot na Daloy ng Ekonomiya**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




Alamin

Ang “economic performance” ng ating bansa ay isa sa pinagbabatayan kung gaano ito kaunlad subalit may mga dapat na suriin at maunawaan sa kung gaano kakomplikado ang proseso ng pagdaloy ng ekonomiya ng ating bansa. Ang paikot na daloy ng ekonomiya ay isang modelo na nagpapakita ng paraan kung paano tumatakbo ang ekonomiya. Dito makikita ang mga institusyon na may mahalagang papel na ginagampanan para ang ekonomiya ay mas higit na mapalago. Sa pamamagitan ng modelong ito ay mas mauunawaan ang ugnayan ng mga institusyon sa paikot na daloy at kung gaano kahalaga ang ugnayan nila sa isa’t isa.

Pamantayan ng Pagkatuto:

1. Naipapaliwanag ang bahaging ginagampanan ng mga bumubuo sa paikot na daloy ng ekonomiya (AP9MKE-III-a)



Subukin

Panuto: Piliin at isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

1. Ang paikot na daloy ng ekonomiya ay mahalaga dahil nauunawaan natin ang ugnayan at gawain ng bawat sektor ng _____.

- a. agrikultura b. industriya c. ekonomiya d. paggawa

2. Ito ang sektor na kabilang sa paikot na daloy ng ekonomiya na pinanggagalingan ng lupa, paggawa, at kapital.

- a. pamilihan ng salik ng produksyon c. pamilihan ng kalakal at paglilingkod
b. pamahalaan d. pamilihing pinansiyal

3. Ang presentasyon ng unang modelo ng paikot na daloy ng ekonomiya ay nagpapakita ng isang payak o simpleng ekonomiya dahil _____.

- a. ang pamahalaan at bahay –kalakal ay iisa
b. ang bahay-kalakal at sambahayan ay iisa
c. ang bahay-kalakal at pamahalaan ay iisa
d. ang sambahayan at pamilihing pinansyal ay iisa

4. Ang ugnayan ng sambahayan at bahay-kalakal sa pamahalaan ay kinapapalooban ng _____ na ginagamit ng pamahalaan sa pagbibigay ng serbisyong pampubliko.

- a. pagpataw ng parusa sa mga nagkakasala c. pagpapatupad ng batas
b. pagpapatakobo ng negosyo d. pagkolekta ng buwis

5. Ang presentasyon ng ikalimang modelo ng paikot na daloy ng ekonomiya ay itinuring na “open economy” dahil sa presensya ng panlabas na sektor. Ito ay nangangahulugang _____.

- a. mayroong pakikipag-ugnayan ng ekonomiya ng ating bansa sa ekonomiya ng ibang bansa sa pamamagitan ng pakikipagkalakalan
- b. mayroong pakikipag-ugnayan ng ekonomiya ng ating bansa sa ekonomiya ng ibang bansa sa pamamagitan ng pagkakautang
- c. mayroong pakikipag-ugnayan ng ekonomiya ng ating bansa sa ekonomiya ng ibang bansa sa pamamagitan ng pakikisosyo
- d. mayroong pakikipag-ugnayan ng ekonomiya ng ating bansa sa ekonomiya ng ibang bansa sa pamamagitan ng paghingi ng tulong kapag may kalamidad

6. Sinasabing hindi orihinal na gawaing pang-ekonomiya ang pag-iimpok at pamumuhunan. Ito ay nagaganap lamang dahil sa _____.

- a. pagkakaroon ng pagpapalano sa hinaharap
- b. paglaki ng pamumuhunan
- c. pagtatag ng ekonomiya
- d. pagkakaroon ng balanseng pag-iimpok

7. Itinuturing na nagmamay-ari ng salik ng produksyon ang _____.

- a. bahay-kalakal b. bangko c. pamahalaan d. sambahayan

8. Paano mailalarawan ang relasyon ng bahay-kalakal at sambahayan sa paikot na daloy?

- a. parasitism b. dependency c. interdependence d. interrelation

9. Ang pag-aangkat (import) at pagluluwas (export) ay mga gawain na kabilang sa:

- a. panlabas na sektor b. bahay- kalakal c. sambahayan d. pamahalaan

10. Ang sangay ng Ekonomiks na nakatuon sa pag- aaral ng kabuuan ng pang-ekonomikong kalagayan ng buong lipunan.

- a. Sosyoekonomiks b. Makroekonomiks c. Paraekonomiks d. Maykroekonomiks

11. Ang mga produkto at serbisyo na kinakailangan ng samabahayan ay maaring makuha at mabili sa _____.

- a. pamilihan ng salik ng production c. bahay-kalakal
- b. pamilihing ng kalakal at paglilingkod d. pamilihing pinansiyal

12. Kapag kailangang kumuha ng sambahayan ng produkto at serbisyo mula sa pamilihan ng produkto at serbisyo, nagaganap ang _____.

- a. pagkakautang b. pagkonsumo c. pamuhunan d. pag-iimpok

13. Ang ___ ay kita ng pamahalaan na nakukuha mula sa buwis na nakokolekta ito.

- a. interes b. kapital c. *tariff* d. *public revenue*

14. Ang pamilihing pinansyal ay may kaugnayan lamang sa bahay-kalakal kung ito ay may pagpapaplano sa hinanarap gaya ng pagpapalawak ng negosyo, at pagdadagdag ng produksiyon.

- a. pag-iimpok
- b. pangungutang
- c. pamumuhunan
- d. pagbebenta

15. Ito ay gawain ng sambahayan kung saan inilalagak nila ang bahagi ng kanilang kita sa bangko.

- a. pag-iimpok
- b. pangungutang
- c. pamumuhunan
- d. pagbebenta

Aralin

1

Paikot na Daloy ng Ekonomiya

Sa pagsisimula ng ating panibagong aralin, napakahalagang maunawaaan natin na ang mga aralin na napapaloob sa ikatlo at ikaapat na markahan ay napapaloob sa pag-aaral ng Makroekonomiks. Ngunit ano nga ba ang makroekonomiks?

Ang makroekonomiks ay sangay ng pag-aaral sa ekonomiks na nakatuon sa pag-aaral ng kabuuan ng pang-ekonomikong kalagayan ng buong lipunan, kung saan napapabilang ang mga pinakamaliit na yunit ng mga kasapi nito. Sinusuri nito ang malawakang kaganapang pang-ekonomiko kabilang na ang kawalan ng trabaho, pambansang kita, gross domestic product, implasyon, at antas ng presyo.

Ang mga sumusunod ay pangunahing pinagtutuunan ng makroekonomiks:

a. Binibigyang pansin nito ang kabuuang antas ng presyo. Ang mga gumagawa ng batas o patakarang ay pangunahing tinututukan at binibigyang –pansin ang pagtaas ng kabuuang presyo na higit na nakaaapekto sa mga mamamayan sa kabuuan.

b. Binibigyang-pansin ng makroekonomiks ang kabuuang produksiyon o ang bilang ng kalakal at paglilingkod na nagawa ng ekonomiya. Sa pamamagitan nito, nasusukat ang kakayahan ng isang ekonomiya kung papaano tinutugunan ang pangangailangan ng lipunan at ng buong bansa.

c. Ang empleyo o paghahanap-buhay ay binibigyang pansin ng makroekonomiks. Ito ay mahalaga para sa mga nagpapaplano para sa ekonomiya na siyang bumubuo sa mga patakarang pangkabuhayan nang sa gayon ay maseguro na may mapagkukunan ng kabuhayan ang bawat pamilya sa lipunan.

d. Tinitingnan din ng makroekonomiks ang ibang bahagi ng mundo at ang ugnayan nito sa panloob na ekonomiya. Ang mga pangyayari o pandaigdigang kaganapan ay hindi maihihiwalay sa panloob na ekonomiya ng bansa. Ang kalagayang pang-ekonomiko ng ibang bansa ay may malaking epekto sa ekonomiya ng iba't ibang bansa sa buong daigdig.

Ang modelo ng paikot na daloy ng ekonomiya ay presentasyon ng isang konsepto o kaganapan. Nagbibigay ito ng konteksto sa pagsusuri ng pambansang ekonomiya bilang bahagi ng pag-aaral ng makroekonomiks. Sa madaling salita, ang paikot na daloy ng ekonomiya ay bahagi lamang ng napakaraming konseptong dapat matutunan sa makroekonomiks na tatalakayin sa mga sumusunod na aralin.



Balikan

Gawain 1: K-P-E (Kailan, Paano, Epekto) Chart

Panuto: Gamit ang *chart*, sagutan ang K-P-E na tanong kaugnay sa uri ng mga patakaran na kabilang sa *price stabilization program* na ipinapatupad ng pamahalaan. Gawin ito sa sagutang papel.

	K (Kailan pinatutupad)	P (Paano ipinatutupad?)	E (Epekto nang pagpapatupad?)
Price Ceiling			
Price Floor			



Mga Tala para sa Guro

Naglalaman ang modyul na ito ng mga mungkahing gawain upang malinang ang kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral. Kinapapalooban ito ng iba't ibang estratehiya tulad ng paggamit ng graphic organizer, sanaysay, Reflective Journal, atbp. Ang bawat gawain sa isang aralin ay nakabatay sa tatlong araw na sesyon. Iminumungkahi na pagyamanin pa ng mga guro ang mga mungkahing gawain at estratehiya batay sa interes at kakayahan ng mga mag-aaral.



Tuklasin

Gawain 2: Picture Analysis

Panuto: Suriin ang larawan at kumpletuhin ang salita para sa pagkakakilanlan nito. Sagutan ang pamprosesong tanong sa sagutang papel.

1.



Figure1. <https://www.pngaaa.com/detail/3107527>

__am__aha__an

2.



Figure2: <https://www.vectorstock.com/royalty-free-vector/factory-icon-industry-concept-flat-vector-9594732>

b__ha__ - ka__k__l

3.



Figure3. <https://thenounproject.com/term>

P__mili__ __ng P__nan__ __yal

4.



Figure 4. <https://www.flaticon.com/free-icon>

Pa__ilih__n

Pamprosesong Tanong:

1. Anu- ano ang bawat tungkulin ng mga nasa larawan?
2. Mayroon bang kaugnayan ang mga nasa larawan sa isa't isa? Sa paanong paraan?
3. Bakit mahalaga ang mga nasa larawan sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng isang bansa?



Suriin

Talahulugan:

1. **Sambahayan**- ang nagmamay-ari ng mga salik ng produksyon at mga kumukonsumo ng mga produkto at serbisyo
2. **Bahay – Kalakal**- ang sector ng ekonomiya na bumibili at gumagasta ng mga produkto at serbisyong nililikha ng sambahayan.
3. **Pamilihan ng mga Produkto at Serbisyo**- uri ng pamilihan na kung saan bumibili ng mga produkto at serbisyo na tutugon sa pangangailangan at kagastuhan ng mamimili.
4. **Pamilihan ng mga salik ng produksyon**- uri ng pamilihan para sa kapital, produkto, lupa, at pagnenegosyo.
5. **Pamilihing Pinansyal** – uri ng pamilihan kung saan nakikipagkalakalan ng ibat ibang pinansyal na ari-arian o *assets*, kabilang ang *dividends*, *stocks*, *bonds* at *forex exchange*.
6. **Pamahalaan**- sektor ng ekonomiya na bumubuo at nagpapatupad ng ibat ibang patakaran para sa pag-unlad ng ekonomiya
7. **Panlabas na Sektor** –sektor ng ekonomiya na tumutugon ugnayan sa ibang bansa sa pamamagitan ng pag-aangkat at pagluwas ng produkto.


Ang Paikot na Daloy ng Ekonomiya

Ang paikot na daloy ng ekonomiya ay disenyo ng isang ekonimista sa katauhan ni **Francois Quensay** sa kaniyang aklat na *Tableau Economique*, inilathala noong 1758. Mula sa orihinal na zigzag diagram, ipinakita ni Quensay sa modelong ito kung sino ang gumagawa ng mga produkto at kung sino ang gumagasta bilang paraan para mas maunawaan at maipaliwanag ang dahilan ng paglaki nito.

Bilang batayan, ang kasalukuyang paikot na daloy ng ekonomiya ay naglalarawan ng mga interaksyon sa mga mahahahagang sektor na kabilang sa isang *market economy*. Nakaangkla sa dalawang pangunahing gawain- ang produksiyon at pagkonsumo.

Mga Modelo ng Paikot na Daloy ng Ekonomiya

Kokonsumo ng produkto



Gumagawa ng produkto


Unang Modelo ng Paikot na Daloy ng Ekonomiya

Inilalarawan ng unang modelo ng ekonomiya ang isang simpleng ekonomiya. Sa modelong ito na ang sambahayan at bahay-kalakal ay iisa dahil ang gumagawa ng produkto ay siya ring komokonsumo nito. Ang suplay ng bahay kalakal ay ayon sa demand o pangangailangan ng sambahayan.

Halimbawa nito ay kung ikaw ay napadpad sa isang isla at walang tao na maaaring makatulong sayo. Ano ba ang iyong gagawin para ikaw ay mabuhay? Maaring ikaw ay maghahanap ng makakain na tutugon sa gutom na iyong nararamdaman, gagawa ng pansamantalang masisilungan para ikaw ay may matulugan, o maghanap ng materyales na pwedeng gawing damit para hindi ka malalamigan. Sa makatuwid, ang sambahayan at bahay kalakal ay ikaw lamang.

Ang halaga ng produksyon sa isang takdang panahon ay itinuturing na kita sa isang simpleng ekonomiya. Ang halaga ng produksiyong inaasahan ay siya ring inaasahang dami ng produktong ikokonsumo. Sa ganitong uri ng daloy ng ekonomiya, kailangan ng aktor na maitaas ang kaukulang produksyon at pagkonsumo nito.

Ikalawang Modelo ng Paikot na Daloy ng Ekonomiya




Ang ikalawang modelo ay nagpapakita ng bahay-kalakal at sambahayan bilang pangunahing sektor ng paikot na daloy ng ekonomiya. Sa modelong ito ay magkaiba ang sambahayan at bahay- kalakal. Ang sambahayan ang pinagmumulan ng mga salik ng produksyon subalit walang kakayahan na gumawa ng tapos na produkto at serbisyo. Sa kabilang dako, ang bahay-kalakal ang tanging may kakayahang lumikha ng mga produkto at serbisyo subalit kinakailangan niya ang salik ng produksyon na nagmumula sa sambahayan.

May dalawang uri ng pamilihan ang makikita sa ikalawang modelo. Una ay ang pamilihan ng salik na produksyon o *factor markets*. Dito inilagag ng sambahayan ang mga salik ng produksiyong gaya ng kapital, lupa, paggawa at pagnenegosyo. Ang pangalawa ay ang pamilihan ng tapos na produkto o *commodity*

markets. Dito dinadala ang tapos na produkto at serbisyo mula sa bahay-kalakal para ibenta sa sambahayan.

Makikita sa modelong ito ang ugnayan ng sambahayan at bahay-kalakal kung saan sila ay magkaiba subalit kinakailangan nila ang isa't isa. Tinatawag ang ugnayang ito na *interdependence*.

Ikatlong Modelo ng Paikot na Daloy ng Ekonomiya



Sa ikatlong modelo, ipinapakita ang presensiya ng dalawang pangunahing sektor- ang sambahayan at bahay-kalakal kung saan isinaalang-alang ng dalawang sektor na ito ang mga desisyon sa hinaharap.

Ang sambahayan ay ang nagmamay-ari ng mga salik ng produksyon at mga kumukonsumo ng mga produkto at serbisyo. Mula sa kita na halagang natatanggap ng tao kapalit ng produkto o serbisyong kanilang ibinibigay maari ang buong kita ay hindi ginagamit. Maaari itong itabi o itago bilang savings o ipon.

Ang savings ay paraan ng pagpapaliban ng paggastos (Farmer, 2002). Ang *investment* naman ay paggasta ng bahay kalakal sa mga kapital upang mapalago ang produksyon. Nagkakaroon ng *investment* kapag ang ipon ay inilalagak para sa negosyo. Ang isang indibidwal o sambahayan ay maaari din isalin ang kanyang ipon bilang *financial asset* katulad ng *stocks, bonds, o mutual funds*. Ang pag-iimpok at pamumuhunan ay naging mahalagang gawaing pang-ekonomiya na nagaganap sa pamilihang pinansiyal o *financial market*.

Habang ang bahay kalakal ay may pagnanais na magpalawak ng negosyo sa iba't ibang panig ng bansa at hindi lamang nakatuon sa tubo. Ang pagpapalawak ng sakop ng produksiyon ay magbibigay daan sa pagbuti ng kalagayan ng negosyo subalit maaring hindi sapat ang puhunan para gawin ito. Mula rito, maaring


manghiram ang bahay kalakal ng karagdagang salapi na gagamiting puhunan para maisakatuparan ang nasabing plano.

Hihiram ang bahay-kalakal sa sambahayan sa pamamagitan ng pamamagitan ng pinansiyal. May kapalit na kabayaran ang panghihiram ng puhunan ng bahay-kalakal. Ito ay sa pamamagitan ng pagbabayad na may interes sa hiniram na puhunan kapalit ng kapakinabangang natamo ng bahay-kalakal.

Samakatuwid, ang pagkakaroon ng malaking ipon ng sambahayan ay isang paraan para mapatatag ang ekonomiya gayun din ang sapat na dami ng bahay-kalakal na handang mamuhunan. Sa ganitong pamamaraan, tataas ang produksiyon ng mga kapital na produkto na magbibigay daan sa pagbubukas ng maraming trabaho para sa paggawa. Ang pagkakaroon ng balanseng pag-iimpok at pamumuhunan ay binibigyang halaga sa ganitong modelo ng ekonomiya.

Ikaapat na Modelo ng Paikot na Daloy ng Ekonomiya

ANG PAMAHALAAN AT PAMILIHAN NG PINANSIYAL, SALIK NG PRODUKSIYON, KALAKAL, AT PAGLILINGKOD




Sa ikaapat na modelo, makikita ang presensiya ng pamahalaan na lumalahok sa sistema ng pamilyhan. Bukod sa pagpapatupad ng mga batas, programa at mga polisiya sa bansa, tungkulin ng pamahalaan ang pangongolekta ng buwis mula sa sambahayan at bahay-kalakal. Ang kita mula dito ay tinatawag na *public revenue*. Ito ay ginagamit para makalikha ng pampublikong serbisyo at proyekto na tumutugon sa pangangailangan ng sambahayan at bahay-kalakal. Sa modelong ito, naitatakda ang kita ng ekonomiya batay sa kabuuang gastusin ng sambahayan, bahay-kalakal, at pamahalaan.

Ang positibong motibasyon ng pamahalaan gaya ng paghahatid ng pampublikong paglilingkod na ipinapangakong isasakatuparan sa pagsingil ng buwis ay isa sa mga paraan para mapatatag ang ekonomiya ng bansa. Sa paraang ito,

makikita ng bawat sektor ang kinahihinatnan ng buwis na kanilang binabayad. Hindi man maiwasan ang pagtaas ng buwis na sinisingil, ang mahalaga ay hindi maramdaman ng mga sektor ang pagtataguyod ng mga pangangailangan at kagustuhan nito.

Mahalagang mapag-ibayo ang mga kaalaman at kakayahan ng sambahayan at bahay-kalakal sa aspektong gastusin ng pamahalaan. Ang pampublikong paglilingkod ay dapat produktibo.

Ikalimang Modelo ng Paikot na Daloy ng Ekonomiya




Ang ikalimang modelo ay tinatawag na *open economy* dahil sa presensiya ng panlabas na sektor na nangangasiwa ng pagpapalitan ng mga produkto at serbisyo. Ang perspektiba ng mga naunang apat na modelo ng paikot na daloy ng pambansang ekonomiya ay sarado o domestic. Sa modelong ito, nagaganap ang kalakalang panlabas kung saan may mga gawain ng pagluluwas (export) at pag-aangkat (import) ng mga produkto at serbisyo sa loob at labas ng bansa.

Ang kalakalang panlabas ay ang pakikipagpalitan ng produkto at mga salik ng pambansang ekonomiya sa mga dayuhang ekonomiya. Maaring may sambahayan at bahay-kalakal ang mga dayuhang ekonomiya at maaring may pagkakapareho ng

pinagkukunang-yaman subalit maari din na magkaiba ang kaayusan at dami ng mga ito. Ang pakikipagkalakalan ay nagaganap base sa pangangailangan ng pinagkukunayang-yaman. May mga sangkap na mahalaga sa produksiyon sa pambansang ekonomiya na kinakailangang angkatin mula sa ibang bansa. Gayundin ang kalagayan ng mga dayuhang ekonomiya. Magkapareho man ang mga produkto o magkaiba, nakikipagpalitan ng produkto ang mga bansa sa isa't isa.

Mahalaga ang papel na ginagampanan ng panlabas na sektor dahil iniuugnay nito ang ating pamilihan sa pakikipagkalakan sa ibang bansa. Nabibigyan ng pagkakataon ang ating lokal na mga produkto na makilala at maibenta sa ibang bansa na maaring magdulot ng mas malaking kita sa ating ekonomiya. Sa kabilang banda, ang mga dayuhang produkto ay nakakapasok sa ating bansa na maaring tutugon sa kakulangan ng mga hilaw na materyales na mahalaga sa pagbuo ng bagong produkto at serbisyo.



Pagyamanin

Gawain 3: FACT OR BLUFF. Unawain ang bawat pahayag. Isulat ang FACT kung ito ay totoo, BLUFF naman kung di-totoo. Ipaliwanag ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ang makroekonomiks ay sangay ng pag-aaral sa ekonomiks na nakatuon sa pag-aaral ng kabuuan ng pang-ekonomikong kalagayan ng buong lipunan, kung saan napapabilang ang mga pinakamaliit na yunit ng mga kasapi nito.

Paliwanag:

2. Ang modelo ng paikot na daloy ng ekonomiya ay presentasyon ng isang konsepto o kaganapan na nagbibigay ng konteksto sa pagsusuri ng pambansang ekonomiya bilang bahagi ng pag-aaral ng makroekonomiks.

Paliwanag:

3. Ang pangunahing aktor ng modelo na paikot na daloy ng ekonomiya ay ang bahay-kalakal at pamilihan.

Paliwanag:

4. Ang sambahayan ay may paggasta sa pamilihing kalakal at paglilingkod dahil dito niya kinukuha ang mga produktong tutugon sa kanilang pangangailangan.

Paliwanag:

5. Correlation ang tawag sa ugnayan ng bahay kalakal at sambahayan sa isa't isa.

Paliwanag:

6. Ang pangunahing gawain sa pamilihing pinansiyal ay ang pag-iimpok at pamumuhunan.

Paliwanag:

7. Ang pagbabayad ng buwis ay takdang gawain ng sambahayan at bahay-kalakal sa isang pamilihan.

Paliwanag:

8. Ang public property ang kita mula sa buwis.

Paliwanag:

9. Ang buwis ay pondo ng pamahalaan na ginagamit para makapagbibigay ng pampublikong serbisyo sa mga mamamayan.

Paliwanag:


10. Ang gawaing pag-aangkat (import) at pagluluwas (export) ng mga produkto at serbisyo ay pangunahing gawain ng panlabas na sector.

Paliwanag:



Isaisip

1. Ang makroekonomiks ay sangay ng pag-aaral sa ekonomiks na nakatuon sa pag-aaral ng kabuuan ng pang-ekonomikong kalagayan ng buong lipunan, kung saan napapabilang ang mga pinakamaliit na yunit ng mga kasapi nito. Sinusuri nito ang malawakang kaganapang pang-ekonomiko kabilang na ang kawalan ng trabaho, pambansang kita, gross domestic product, implasyon, at antas ng presyo.
2. Ang modelo ng paikot na daloy ng ekonomiya ay presentasyon ng isang konsepto o kaganapan. Nagbibigay ito ng konteksto sa pagsusuri ng pambansang ekonomiya bilang bahagi ng pag-aaral ng makroekonomiks.
3. Interdependence ang tawag sa ugnayan ng bahay-kalakal at sambahayan sa isa't isa.
4. Ang pag-iimpok at pamumuhunan ay mga gawain ng pamilihing pinansiyal na magiging mahalaga lamang kung ang dalawang aktor ay mayroong pagpapalano sa hinaharap.
5. Ang buwis ay sinisingil ng pamahalaan para kumita at ito ay ginagamit para lumikha ng pampublikong paglilingkod.
6. Ang panlabas na sektor ay tagapangasiwa sa gawain ng pag-aangkat (import) at pagluluwas (export) ng mga produkto o pagpapalitan nito mula sa ating bansa tungo sa ibang bansa.
7. Ang pakikipagkalakalan sa ibang bansa ay mahalaga dahil ito ay isang paraan para makiala ang mga local na produkto ng bansa at maaring magpasok ng malaking kita sa pambansang ekonomiya. Ito rin ay paraan para makakuha ng mga materyales o sangkap na mula sa ibang bansa na mahalaga sa produksiyon ng ating pambansang ekonomiya.



Isagawa

Gawain 4: Banghay ng Daloy ng aking Komunidad

Magsaliksik at magmasid sa mga gawaing pang-ekonomiko sa inyong barangay o komunidad. Tukuyin ang ibat ibang pang-ekonomikong gawain dito. Ilarawan ito sa pamamagitan ng pagbuo ng banghay o *diagram* upang ipakita kung paano ang daloy ng ibat ibang pang-ekonomikong gawain sa inyong komunidad. Bigyan ng natatanging konteksto ang iyong tugon sa daloy ng iyong barangay. Gawin ito sa hiwalay na papel.

Maaring gamiting gabay ang template.




Figure 1. www.123rf.com/photo

Pamantayan sa Pagmamarka	
Iskor	Deskripsiyon
13-15 puntos	Malinaw na ipinapakita sa nabuong banghay o <i>diagram</i> ang pang-ekonomikong gawain ng barangay o komunidad.
8-12 puntos	Bahagyang malinaw na ipinapakita sa nabuong banghay o <i>diagram</i> ang pang-ekonomikong gawain ng barangay o komunidad.
5-7 Puntos	Hindi malinaw na ipinapakita sa nabuong <i>diagram</i> framework ang pang-ekonomikong gawain ng barangay o komunidad.
Kabuuang Total: 15	



Tayahin

Gawain 5: Matching Type


Panuto: Itapat ang Hanay A sa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

Hanay A

1. Ang tawag sa may ari ng salik ng produksyon na kadalasan ay binubuo ng isang tao o pamilya
2. Kita ng pamahalaan mula sa buwis
3. Ito ang bahagi ng kita ng sambahayan na hindi ginagastos
4. Tawag sa ugnayan ng bahay kalakal at sambahayan
5. Ang sektor na ang pangunahing gawain ang pag-iimpok at pamumuhunan namamahala sa gawain ng pag-aangkat (import) at pagluluwas ng produkto (export)
6. Ang sektor ng Bangko Sentral ng Pilipinas at mga bangko, kooperatiba, sanglaan at stock market
7. Sektor na kung saan binibenta ang produkto at serbisyo
8. Nagbibigay ng serbisyong pampubliko sa bahay-kalakal at sambahayan
9. Ang bahay-kalakal at sambahayan ay iisa
10. Uri ng pamilihan kung saan ang lupa, kapital, paggawa at entrepreneur
11. Ang tawag sa pagpapalitan ng mga produkto at serbisyo ng mga bansa sa pamamagitan ng pagluluwas ng produkto at serbisyo sa ibang bansa
12. Ang inilalarawan ng Ikalimang Modelo ng Paikot na Daloy ng Ekonomiya
13. Ang tawag sa pera na kinokolekta ng pamahalaan para sa paggamit at suporta ng pampublikong paglilingkod
14. Ang sangay ng pag-aaral sa ekonomiks na nakatuon sa pag-aaral ng kabuuan ng pang-ekonomikong kalagayan ng buong lipunan
15. Sektor ng ekonomiya na may tungkulin nito ang lumikha ng mga produkto

Hanay B

- a. Bahay-kalakal
- b. Buwis
- c. Impok o *savings*
- d. Interdependence
- e. Kalakalang panlabas
- f. Makroekonomiks
- g. "Open Economy"
- h. Pamilihan ng produkto at serbisyo
- i. Pamilihan ng mga salik ng produksyon
- j. Pamilihing pinansiyal
- k. Panlabas na sektor
- l. *Public revenue*
- m. *Private revenue*
- n. Pamahalaan
- o. Sambahayanan
- p. Simpleng ekonomiya
- q. Tubo at sahod




Karagdagang Gawain

Gawain 6: Reflection Journal

Panuto: Gumawa ng repleksyon tungkol sa kahalagahan at natutunan mo sa pag-aaral ng mga modelo ng paikot na daloy ng ekonomiya. Ilahad din ang kahalagahan ng bawat aktor at mga sektor na kabilang dito. Gamitin ang pamantayan sa pagsasagawa nito. Gawin it sa sagutang papel.

Pamantayan sa Pagmamarka			
Pamantayan	Deskripsiyon	Puntos	Nakuhang puntos
NILALAMAN	Napapaloob sa repleksiyon ang mahahalagang natututunan ukol sa paksang natalakay at mga konseptong napapaloob dito.	15	
ESTILO	Malikhain ang pagkakasulat ng repleksiyon, gumagamit ang may akda ng angkop na pananalita sa pagpapahayag ng saloobin ukol sa paksa.	5	
Kabuuang Total		20	



Susi sa Pagwawasto

Subukin
1. C
2. A
3. B
4. D
5. A
6. A
7. D
8. C
9. A
10. B
11. B
12. B
13. D
14. C
15. A

Tayahin
1. O
2. L
3. C
4. D
5. K
6. J
7. H
8. N
9. P
10. I
11. E
12. G
13. B
14. F
15. A

Sanggunian

ARALIN 3: Ugnayan ng Pangkalahatang Kita, Pag-Ilipok at Pagkonsumo
Vol XCIII, No. 311

Balita, B., Martiniano D. Busing, M., Garcia, E., De Guzman, A., Lumibao, J.,
Mateo, A. & Mondejar, I. *Ekonomiks 9 Learning Modules 9* , 228-239

Martinez, M., Vitoria, L., Camus-Rivera, J., *Chronicles in a Changing World
(Economics)*, 134-150

Farmer, Roger E A, 2000. *How the Economy Works: Confidence, Crashes and Self-
Fulfilling Prophecies?* Oxford University Press Inc.

Villegas, B. M., & Abola, V. A. (1992). *Economics: An introduction* (4th ed.). Manila
: Sinag-Tala Publishers.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph